Health Insurance Marketplace

# PAGSISILBI SA MGA ESPESYAL NA POPULASYON: MGA IMIGRANTE

Mabilisang Kaalaman para sa mga Tagatulong

**MAGAGAMIT ITONG PAPEL NG DAPAT MALAMAN KUNG IKAW:**

- Ay isang Maglalayag, isang hindi Maglalayag na tauhang tagatulong ("pansariling tagatulong"), o sertipikadong tagapayo sa paggamit (CAC) (sa pangkalahatan, isang tagatulong) sa isang estado na may Pinasilidad na Pederal na Pamilihan (FFM) o Sanggahang Pamilihan ng Estado (SPM); at/ o kaya
- Ay tumutulong sa mga imigranteng aplikante na siyasatin ang kanilang mapagpipiliang pangangalagang pangkalusugan at pagsakop.

## Mga Imigrante na Mamimili: Pangkalahatang Kaalaman

Maraming imigrante ang maaaring karapat-dapat magkaroon ng pagsakop na pangkalusugan sa pamamagitan ng Pamilihan ng Segurong Pangkalusugan (Pamilihan) o sa pamamagitan ng Medicaid o sa Programa para sa Segurong Pangkalusugan ng mga Kabataan (CHIP). Hindi kinakailangang maging mamamayan ng U.S. o nasyonal ng U.S. ang isang mamimili upang maging kualipikado na magkaroon ng Medicaid o CHIO, o upang makapagpatala sa isang kuwalipikadong planong pangkalusugan (QHP) sa pamamagitan ng Pamilihan. Ang mga tagatulong na umaasikaso sa mga imigranteng aplikante sa pagpapatala sa bagong pagsakop na pangkalusugan ay kailangang may nalalaman sa mga patakaran ng Pederal at estado na makakaapekto sa pagiging karapat-dapat ng mamimili ng mga iba-ibang mapagapipiliang pangangalagang pangkalusugan. Karagdagan pa doon, ang mga tagatulong ay kailangang magbigay ng tulong na naaangkop sa kultura at sa lenguwahe.

Ayon sa kanilang katayuan sa imigrasyon at iba pang panuntunan sa pagiging karapat-dapat, ang mga imigrante ay maaring magkamit ng pagsakop na pangkalusugan sa pamamagitan ng Pamilihan, Medicaid, o CHIP. Ang Medicaid ay nagbibigay ng kabayaran para sa paggamot sa isang emerhensyang kalagayang medikal kung matutugunan ng mamimili ang mga nararapat na kasukatan ng Medicaid sa estado (tulad ng kita at paninirahan sa estado), anuman ang katayuan sa imigrasyon. Karagdagan pa doon, ang mga Sentro ng Kalusugan ng Komunidad (CHCs) at Sentro ng Kalusugan ng Mandarayuhan (MHCs) ay nagdudulot ng komprehensibong pangunahing pangangalaga, anuman ang kakayahang magbayad o katayuan sa imigrasyon. Subalit ang mga MHCs ay nagsisilbi lamang sa mga mandarayuhan at pana-panahong manggagawa sa sakahan at ang kanilang mga pamilya.

Ang mga tagatulong ay kailangang may pagkakaalam sa mga sumusunod na paksa na nauukol sa mga imigranteng mamimili:

1. **Pagiging Karapat-dapat sa Pamilihan**: Ang mga imigrante na kasalukuyang naririto ayon sa batas at natutuntunan ang ibang karapat-dapat na saligan ng Pamilihan ay maaring magtamo ng pagsakop sa pamamagitan ng Pamilihan. Tingnan sa ibaba ang *Eksibit 1 – Mga Katayuan ng Imigrante na Karapat-dapat sa Pagsakop sa Pamilihan* para sa kabuuan ng mga katayuan ng kasalukuyang narritong imigrante ayon sa batas. Maari ring magtamo ng tulong sa pananalapi ang mga aplikanteng sa pamamagitan ng

**Eksibit 1 – Mga Katayuan ng Imigrante na Karapat-dapat sa Pagsakop sa Pamilihan**

**Mga Katayuan ng Imigrante na Kasalukuyang Naririto Ayon sa Batas**

**Karapat-dapat na Katayuan na para lamang sa Pamilihan**

- Isang tao na may mabisang katayuan na hindi imigrante (kabilang ang mga bisa para sa manggagawa (kagaya ng H1, H-2A, H-2B), bisa ng mag-aaral, U-bisa, T-bisa, at ibang bisa, at mga mamamayan ng Micronesia, ng Marshall Islands, at ng Palau)
- Mga dayuhan na may mga aprubadong bias ng petisyon at may mga hindi pa napagpapasiyahang kahilingan para maisaayos ang kanilang katayuan
- Mga taong nabigyan ng pahintulot na makapagtrabaho
- Pansamantalang Katayuang may Proteksiyon (TPS)
- May pasubaling pagpapalaya sa U.S.
- Katayuang may Ipinagpalibang Aksiyon (*Maliban sa*: Ang Ipinagpalibang Aksiyon para sa Pagdating ng Kabataan (DACA) ay hindi itinuturing na kasalukuyang naririto ayon sa batas)
- Ipinagpalibang Pinatutupad na Pag-Alis (DED)
- Isang bata na may hindi pa napagpapasiyahang paggamit para sa katayuang Espesyal na Imigranteng Kabataan
- Napagkalooban ng tulong sa ilalim ng Kapulungan Laban sa Labis na Pagpapahirap (CAT)
- Pansamantalang Naninirahan ayon sa Batas
- Benepisyaryo ng Pagkakaisa ng Pamilya
- *Lahat ng may karapat-dapat na katayuan sa Medicaid na nakalista sa ibaba.*

| May karapat-dapat na katayuan sa Medicaid (kung naipasa ang 5-taong pamantayan)* | May karapat-dapat na katayuan sa Medicaid (hindi angkop ang 5-taong pamantayan)** |
|---|---|
| • Palagiang Naninirahan Ayon sa Batas (LPR/May hawak na Green Card)<br>• May Pasubaling Pagpasok<br>• May pasubaling pagpapalaya sa U.S. sa loob ng 1 taon o higit pa<br>• Inabusong Asawa, Anak, o Magulang ng wala pang napagpapasiyahan o aprubadong kahilingan sa DHS | • Mga Nakaligtas sa Trapiking at ang kanilang awasa, anak, kapatid, o magulang<br>• Mga Palagiang Naninirahan Ayon sa Batas na isinaayos ang katayuan upang makaliban sa 5 taon ng pamantayanl<br>• Mga beterano o military na aktibong nanunungkulan, at ang kanilang asawa o mga kinukupkop na wala pang asawa na may taglay na “kuwalipikadong hindi mamamayan” na katayuan<br>• Mga tumakas sa kanilang bayan<br>• Mga tumanggap ng Proteksyon<br>• Mga pumasok na Cubano, Haitian<br>• Pinagkalooban ng Pagpigil na Deportasyon o Pagpigil na Pagpapaalis<br>• Kasapi sa mga kinikilala ng Pederal na tribu ng Indyan o Amerikanong Indyan na pinanganak sa Canada<br>• Mga Imigranteng Amerasian |

Para sa iba pang katayuan ng imigrasyon na kasulukuyang naririto ayon sa batas, bumisita sa: www.healthcare.gov/immigrants/immigration-status/***

*Tinutukoy ang mga katayuan ng imigrasyon na kasalukuyang naririto ayon sa batas na itinuturing na may kuwalipikadong katayuan bilang isang hindi mamamayan hinggil sa pagiging karapat-dapat sa Medicaid.
**Tinutukoy ang mga katayuan ng imigrasyon na kasalukuyang naririto ayon sa batas na itinuturing na may kuwalipikadong katayuan bilang isang hindi mamamayan hinggil sa pagiging karapat-dapat sa Medicaid at hindi sakop ng 5-taong pamantayan ng Medicaid.
***Ang pandayuhang pagsasalin ng produktong ito at hindi pa makukuha sa kasalukuyan.

Ang balangkas na ito ay naglalarawan ng buod ng komplikadong katayuan ng Pederal ukol sa katayuan ng imigrasyon.  Dahil sa pagiging buod, hindi ito nagtataglay ng lahat ng mga kaugnayang detalya.  Ang publikasyong ito ay hindi isang legal na dokumento at hindi nagbibigay ng karapatan o nagpapataw ng obligasyon.  Hindi ito naglalayong maging kapalit ng isang nakasulat na batas o regulasyon.

2. **Pagiging Karapat-dapat sa Medicaid o CHIP:** Kadalasan, and mga taong hindi mamamayan at humahawak ng “kuwalipikadong hindi mamamayan” na katayuan ng imigrasyon ay nararapat magpatala sa Medicaid o sa CHIP, kung sila man ay nararapat sa Medicaid o CHIP sa kanilang estado (na ang ibig sabihin, natutugunan nila ang mga pamantayan sa kita at paninirahan sa estado).  Ang katayuan ng imigrasyon ng “kuwalipikadong hindi mamamayan” ay may tatak na isang asterisko sa *Eksibit 1 – Mga Katayuan ng Imigrante na Karapat-dapat sa Pagsakop ng Pamilihan* na nasa itaas.  Karagdagan pa rito, inaatas ng batas Pederal na ang mga kuwalipikadong hindi mamamayan ay makatugon sa limang-taong panahon ng paghihintay (tinatawag rin na “5-taong pamantayan”) bago maging karapat-dapat para sa Medicaid o CHIP. Ang limang-taong panahon ng paghihintay ay nagsisimula kapag ang mamimili ay nakatanggap ng kanilang kuwalipikadong katayuan ng imigrasyon, hindi kung kailan sila unang pumasok sa Estados Unidos. Gayunpaman, ang mga mamimili na may ilang katayuan ng imigrasyon na inililiban sa limang-taong panahon ng paghihintay.  Ang mga katayuan ng imigrasyon ng “kuwalipikadong hindi mamamayan” na inililiban sa 5-taong panahon ng paghihintay (gaya ng mga tumakas sa kanilang bayan, mga tumanggap ng proteksiyon, at mga pumasok na Cubano-Haitian) ay may tatak na dalawang asterisko sa *Eksibit 1 – Mga Katayuan ng Imigrante na Karapat-dapat sa Pagsakop ng Pamilihan* na nasa itaas.

*Mahalaga*:  Pinalawak ng ibang estado ang pagsakop para sa Medicaid at CHIP sa kasulukuyang naririto ayon sa batas na mga kabataan at/o ang mga nagdadalangtaong kababaihan, maging sila ay itinuturing na “kuwalipikadong hindi mamamayan” o nakatamo ng limang-taong panahon ng paghihintay, kung sila naman ay karapat-dapat sa Medicaid o CHIP sa estado.

- Ang pang-ugnay ay magpapakita kung aling estado ang sasakop sa mga kasalukuyang naririto na ayon sa batas na mga kabataan at/o nagdadalangtaong kababaihan:  http://www.medicaid.gov/medicaid-chip-program-information/by-topics/outreach-and-enrollment/lawfully-residing.html***
- Ang pamg-ugnay ay may impormasyon tungkol sa mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat sa Medicaid sa bawat estado:  http://medicaid.gov/medicaid-chip-program-information/by-state/by-state.html***

Para sa higit na kaukulang impormasyon tungkol sa pagiging karapat-dapat sa Medicaid, makipag-ugnay sa opisina ng Medicaid sa iyong estado sa pamamagitan ng pagpili sa iyong estado sa:  https://www.healthcare.gov/medicaid-chip/eligibility/***.

Kung ang hindi mamamayan ay hindi karapat-dapat para sa Medicaid, sa kadahilanang sila ay kasalukuyang naririto ayon sa batas ngunit walang katayuan ng imigrasyon na “kuwalipikadong hindi mamamayan” o “kuwalipikadong hindi mamamayan” na hindi pa natatamo ang limang-taong panahon ng paghihintay, ang

mga mamimiling hindi mamamayan ay maaring karapat-dapat sa tulong na pananalapi sa Pamilihan kung makakamit ang pagiging karapat-dapat na pangangailangan ng Pamilihan. Idagdag pa na ang Medicaid ay nagbibigay ng pagbabayad para sa mga serbisyong pang-emerhensiya sa paggamot ng emerhensiyang kalagayang medikal, kung ang mamimili ay makakamit ang iba pang pagiging karapat-dapat na alituntunin ng Medicaid sa estado kahit na walang karapat-dapat na katayuan ng imigrasyon.

3. **Mga Walang Dokumentong Imigrante na hindi Karapat-dapat sa Pagsakop ng Pamilihan**: Ang mga walang dokumentong imigrante ay hindi karapat-dapat na magpatala sa pagsakop sa Pamilihan, kahit na sa kabuuang gastos, samantalang maari silang makabili ng pagsakop sa labas ng Pamilihan. Ang Medicaid ay nagbibigay ng kabayaran para sa serbisyong emerhensiya ukol sa paggamot ng emerhensiyang kalagayang medikal kung makakamit ng isang tao ang iba pang pagiging karapat-dapat na alituntunin ng Medicaid sa estado (kagaya ng kita at paninirahan sa estado) ngunit walang karapat-dapat na katayuan ng imigrasyon. Idagdag pa na sa ilang estado, ang ibang nagdadalangtaong kababaihan ay maaring makakuha ng pagsakop na pangkalusugan sa panahon ng pagdadalangtao kahit na ano ang katayuan ng imigrasyon.

4. **Mga Taong Pinagkalooban ng Ipinagpalibang Aksiyon para sa Pagdating ng Kabataan (DACA) na hindi Karapat-dapat sa Pagsakop ng Pamilihan:** Ang mga taong pinagkalooban ng ipinagpalibang aksyon sa ilalim ng patnubay ng DHS na inilabas noong Hunyo 15, 2012 ay hindi karapat-dapat na makabili ng pagsakop sa pamamagitan ng Pamilihan.[1]

5. **Ang mga Imigrante na Kasalukuyang Nariritong Ayon sa Batas ay maaring maging karapat-dapat sa Tulong sa Pagsakop ng Pamilihan kahit na ang Kita ay higit na Mababa sa Pederal na Linya ng Kahirapan (FPL):** Karamihan sa mga mamimili ay kailangang magkaroon ng taunang buwis sa kitang pampilya sa pagitan ng 100% at 400% ng FPL upang maging karapat-dapat sa tulong sa pananalapi. Gayunman, ang mga imigrante na kasalukuyang naririto ayon sa batas na hindi karapat-dapat para sa Medicaid dahilan sa katayuan ng imigrasyon ay maaring maging karapat-dapat sa tulong sa pananalapi kahit na ang kanilang kita ay higit na mababa sa 100% ng FPL.

## Pagpapatunay sa at Pagsusuri ng Katayuan ng Imigransyon

Ang aplikasyon sa Pamilihan ay magtatanong sa mga aplikante ng tungkol sa pagkamamamayan at katayuan ng imigrasyon upang malaman ang pagiging karapat-dapat sa mga pagpipiliang pagsakop na pangkalusugan. Ang pagkamamamayan at impormasyon sa imigrasyon ay iipunin at susuriin ng Pamilihan para lamang sa mga miyembro ng pamilya na nagpapatala sa pagsakop. Ang impormasyong ito ay gagamitin lamang upang malaman ang pagiging karapat-dapat ng mamimili, at hindi gagamitin para sa pagpapatupad ng nauukol sa imigrasyon. Para sa karagdagang impormasyon, maaring tingnan ang sumusunod na pagunita (sa Ingles at sa Espanyol) na mula sa U.S. Kustom ng Imigrasyon at Pagpapatupad (ICE): https://www.ice.gov/doclib/ero-outreach/pdf/ice-aca-memo.pdf***.

### Magkakahalong Katayuan ng Imigrasyon sa Sambahayan

Kailangang malaman ng mga tagatulong na ang ibang mamimili ay namamahay sa isang sambahayan na may magkakahalong katayuan ng imigrasyon, na kung saan ang isang sambahayan ay mga taong may hawak ng iba-ibang pagkamamamayan o katayuan ng imigrasyon. Sa ganitong pagkakataon, bawat miyembro ng sambahayan ay

1 Ang gabay na ito ay kasalukuyang epektibo noong panahon na inilathala o noong in-upload sa web. Maaring magkaroon ng palagiang pagbabago ang mga patakaran ng pagiging karapat-dapat.

maaaring maging karapat-dapat para sa iba-ibang pagpipilian sa pagsakop na pangkalusugan batay sa kanilang pagkamamamayan o katayuan ng imigrasyon.

**Pagpapatala sa Pagsakop sa Ngalan ng mga Miyembro ng Pamilya**

Kailangang malaman ng mga tagatulong na ang mga mamimili ay makapagpapatala ng pagsakop sa ngalan ng kanilang karapat-dapat na sustentado kahit na hindi sila karapat-dapat para sa kanilang sariling pagsakop.


**Mamimiling Naghahanap ng Masaklaw na Pagsakop na Pangkalusugan para sa Sarili**

Ang mga mamimiling naghahanap ng masaklaw ng pagsakop na pangkalusugan para sa kanilang sarili ay kailangang makapagpatunay ng pagkakaroon ng karapat-dapat na katayuan ng imigrasyon o pagiging mamamayan o nasyonal, na susuriin ng Pamilihan sa pamamagitan ng Pangasiwaan ng Sosyal Seguridad (SSA) at/o ng DHS. Ang mga mamimili na makapagpapatunay ng pagkakaroon ng karapat-dapat na katayuan ng imigrasyon ay kailangang makapagbigay ng uri ng kanilang dokumento ng imigrasyon at lahat ng bilang ng dokumento na kanilang ginagamit, na siyang hiningi ng aplikasyon sa Pamilihan (tingnan sa ibaba ang *Eksibit 2 – Pabalat na Magpapakita ng Piniling Uri ng Dokumento upang Suriin ang Katayuan ng Imigrasyon*). Ang pagbibigay ng impormasyon kasama ng aplikasyon ay makapagpapabilis sa pagsusuri at sa proseso ng pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat, at higit na maiiwasan ng mga tao na mapapunta sa mga hindi kinakailangang hakbang, gaya ng “hindi pagkakaugma” sa pagtutugma ng mga datos (nakalarawan sa ibaba). Ang mga mamimili na hindi makapagpapatunay ng pagiging mamamayan ng U.S. o ng pagtataglay ng karapat-dapat ng katayuan ng imigrasyon ay hindi makakakuha ng pagsakop na pangkalusugan sa pamamagitan ng Pamilihan, subalit maari pa ring kumpletuhin ang aplikasyon sa Pamilihan upang malaman kung maari silang maging karapat-dapat na makakuha ng paggamot sa mga emerhensiyang kalagayang medikal o sa mga serbisyo para sa mga nagdadalangtaong kababaihan sa ilang mga estado sa pamamagitan ng Medicaid kung matutugunan nila ang ibang pamantayan ng pagiging karapat-dapat para sa Medicaid o CHIP sa kanilang estado.

**Ang mga Mamimili ay maaring gumamit ng pagsakop sa pamamagitan ng Pamilihan, Medicaid, o CHIP sa ngalan ng mga miyembro ng kanilang pamilya, anuman ang kanilang sariling katayuan sa pagiging karapat-dapat.**

Halimbawa, ang mga hindi dokumentadong magulang ng mga mamamayan ng U.S. ay makapagpapatala ng pagsakop sa ngalan ng kanilang mga anak bilang tagatapos ng aplikasyon. Sa ganitong pagkakataon, ang tagatapos ng aplikasyon ay magpapatunay na ang miyembro ng pamilya na nagpapatala sa pagsakop ay isang mamamayan ng U.S. o mayroong karapat-dapat na katayuan ng imigrasyon. Sa pagpapatala para sa ibang miyembro ng pamilya at hindi paghahanap ng pagsakop para sa kanilang sarili, ang mga tagatapos ng aplikasyon ay hindi kinakailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang sariling pagkamamamayan o katayuan ng imigrasyon, sa halip kailangan lamang nilang magbigay ng pagkamamamayan at impormasyon tungkol sa imigrasyon ng miyembro ng pamilyang naghahanap ng pagsakop. Ang impormasyon sa kanilang aplikasyon ay hindi gagamitin sa mga layunin sa pagpapatupad ng imigrasyon. Kung mangangailangan ng tulong ang mga nagbigay ng aplikasyon sa proseso ng pagsusuri, maari silang tumawag sa Sentro ng Pagtawag ng Pamilihan.

**Eksibit 2 – Pabalat na Magpapakita ng Piniling Uri ng Dokumento upang Suriin ang Katayuang Imigrasyon[2]**




### Pagsusuri ng Pagkakakilanlan at Impormasyon sa Pagiging Karapat-dapat

Kapag nagpatala ang mamimili para sa pagsakop, kailangang suriin ng Pamilihan ang kanilang pagkakakilanlan pati na ang ibang impormasyon tungkol sa kanila upang alamin ang pagsakop at tulong sa pananalapi na maari silang karapat-dapat. Ang pagsusuri ng pagkakakilanlan ay tinatawag ring "pagpapatunay ng pagkakakilanlan (ID), " at pinangangalagaan nito ang mga pangsariling impormasyon sa pamamagitan ng paniniyak na ang bawat aplikante ang siya ring tunay na humihiling, upang maiwasan ang mapanlinlang na pagbubuo ng isang kuwenta sa Pamilihan at pagpapatala para sa pagsakop na pangkalusugan sa pangalan ng ibang mamimili ng lingid sa kanyang kaalaman. Ang pagpapatunay ng ID ay isang mahalagang bahagi ng aplikasyon sa Pamilihan at ang mga hindi malutas na mga isyu ng pagpapatunay ng ID ay makakaantala sa mamimimili sa pagtatapos ng aplikasyon sa online. Upang matapos ang pagpapatunay ng ID, ipapasok ng mamimili ang pansariling impormasyon tungkol sa kanila, tulad ng kung saan sila dating nakatira o kung saan sila mayroong hawak na kuwenta sa bangko. (Mangyaring tingnan sa ibaba ang *Mga Iisipin upang Mapanghawakan ang Pagiging Karapat-dapat at mga Pagsubok sa Pagpapatala* para sa iba pang impormasyon.)

### Mga Isyu sa Pagtutugma ng mga Datos

Ang mga isyu sa pagtutugma ng mga datos ay itinuturing ding "hindi pagkakaugma," at nangyayari kung ang impormasyon na ipinasok ng mamimili sa kanyang aplikasyon sa Pamilihan ay hindi tugma sa datos na nakuha ng Pamilihan mula sa mga pinagkakatiwalaang pinagmumulan ng datos, gaya ng mga rekord ng SSA o sa depositoryo ng mga datos ng Serbisyo sa Pangloob na Pagkakakitaan (IRS). Ang mga karaniwang uri ng mga isyu sa pagtutugma ng datos ay kaugnay sa kita, sa pagkamamamayan, at impormasyon sa imigrasyon. Malalaman ng mga mamimili kung may isyu sila sa pagtutugma ng datos sa pamamagitan ng pagsusuri sa paunawa sa pagiging

[2] Mangyaring alamin na ang impormasyong kasama sa paglalahad na ito ay para lamang sa paglalarawan. Ang mga slides ay nagtataglay ng kuha ng pabalat na may mga pangalan at/o mga tukoy na pagbibigay/mga plano. Ang layunin ng mga kuha ng pabalat ay upang makapagbigay ng mga halimbawa. Ang mga pangalang nailagay ay binuo lamang at ang mga pangalan ng pagbibigay/mga plano na ilarawan ay pinili ng walang katiyakan ng layunin. Ang mga halimbawa dito ay walang kasamang pansarili na makikilalang impormasyon at hindi nagmumungkahi ng tukoy na pagbibigay/plano.

karapat-dapat na matatanggap nila sa Pamilihan oras na sila ay nagpatala. Kung may isyu sa pagtutugma ng datos ang isang mamimili, ang paunawa sa pagiging karapat-dapat ay magsasabing "Magpadala ng iba pang impormasyon sa Pamilihan." Kailangang tugunin ng mamimili ang kahilingang ito sa loob ng tagal ng panahon na nakalagay sa paunawa at lutasin ang isyu ng pagtutugma ng datos upang ang kanilang pagpapatala ay hindi tapusin. Ang elektronikong pagsasampa ng mga hiniling na impormasyon sa HealthCare.gov na kuwenta ng mamimili ang higit na pinili at pinakamadaling paraan upang malutas ang mga hindi pagkakaugma. Maaring piliin ng mamimili na ipadala sa koreo ang mga dokumento direkta sa Pamilihan.

Kailangang hikayatin ng mga tagatulong na basahin ng masinsinan ng mga mamimili ang mga paunawa sa pagiging karapat-dapat upang masiguro na kanilang ipinadala:

- Ang lahat ng impormasyon na hiniling;
- Ang mga tamang dokumento, kung nauukma, at
- Ang impormasyon sa tamang miyembro ng grupo ng nagpapatala.

Halimbawa, maaring hilingin ng Pamilihan ang mga karagdagang impormasyon para sa isang tao liban sa tagapagbuo ng aplikasyon. Ang pagpapadala ng mga tamang impormasyon at dokumento, kung nauukma, para sa tamang miyembro ng grupo ng nagpapatala ay makatutulong sa Pamilihan na lutasin ang mga isyu ng pagtutugma ng datos sa pinakamadaling panahon.

Ang mga mamimili na hindi magpapadala ng mga karagdagang impormasyon, o hindi magpapadala ng *tamang* impormasyon para sa *tamang* tao ay may panganib na mawalan ng pagsakop sa pamamagitan ng Pamilihan. Ang mga mamimili na may katayuan sa imigrasyon o hindi pagkakaugma ng pagkamamamayan ay makatatanggap ng dalawang babala: isa bago ang 60 araw, at isa 30 araw bago dumating ang takdang araw para lutasin ang isyu. Ang paksang linya ng mga babalang paunawa ay mababasa ng ganito: "Mahalaga: Tumugon sa mga petsa sa ibaba upang mapanatili ang iyong pagsakop sa Pamilihan o ang tulong upang mabayaran mo ang iyong pagsakop sa Pamilihan." Ang bawat paunawa ay may kasamang listahan ng mga karapat-dapat na tanggaping dokumento at ang mga tagubilin kung paano ito ipadadala, na kung alin ay kailangang basahing mabuti ng mga mamimili upang masiguro na ipinadala nila ang tamang impormasyon. Makatatanggap rin ng tawag sa telepono ang mga mamimili 14 na araw bago dumating ang takdang panahon para lutasin ang kanilang isyu sa pagtutugma ng datos.

## Paano Makatutulong ang mga Tagatulong habang nasa Proseso ng Pagpapatala

Ang mga sumusunod na pinakamahusay na kinasanayang gawain ay makatutulong sa pagkausap ng mga tagatulong sa mga mamimiling imigrante na naghahanap ng pagsakop na pangkalusugan para sa kanila o sa ngalan ng iba pa:

- Mag-umpisa sa pagbibigay sa mga mamimili na imigrante ng mga mapagkakatiwalaang mga mensahe ukol sa pribado at pagtitiwala, lalo na ang mga nauukol sa pagkamamayan at katayuan ng imigrasyon at numero ng Seguridad Sosyal (SSNs). Hayaang malaman ng mamimili na ang impormasyong kanilang ibinibigay ay hindi gagamitin ng mga ahensiya ng gobierno upang ipatupad ang mga batas o patakaran ng imigrasyon.

- Magbahagi ng impormasyon sa mga mamimili ukol sa karapat-dapat na katayuan ng imigrasyon at mga maaring tanggaping na mga dokumento tungkol sa imigrasyon upang matulungan silang magpasya kung sino sa kanilang pamilya ang maaaring karapat-dapat na magpatala para sa pagsakop sa kalusugan.

- Maghanda na isangguni ang mga mamimili sa mga di-nagtutubong manananggol upang matulungan ang mga mamimili na hindi sigurado kung mayroon silang mga karapat-dapat na katayuan sa imigrasyon o upang matulungan sila na makakuha ng mga dokumento sa imigrasyon kung hindi ito agad-agad na makukuha.

- Magsiguro na makikilala na tama ang mga mamimili na nagpapatala para sa pagsakop na pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtatanong kung sila ay naghahanap ng pagsakop na pangkalusugan para sa kanila o sa ngalan nga iba pa.

- Kailangang matiyak ng mga tagatulong na ang wika o mga hadlang sa kultura ay hindi makakahadlang sa pagkakaunawa ng mga mamimili tungkol sa aplikasyon sa Pamilihan at sa proseso ng pagpapalista.  Ang mga tagabigay-kahulugan ng berbal na wika o isinaling materyales ay magagamit sa sentrong tawagan ng Pamilihan ng walang bayad, at maaring kailanganin upang ang impormasyon ay maging ganap na magamit at maunawaan.  Kailangang makuha ng mga tagatulong ang mga serbisyong ito at maibigay sa mga aplikante o sa miyembro ng kanilang pamilya, kung kakailanganin.  Dahil ang mga serbisyong ito ay libre, nararapat na walang bayad ito para sa aplikante o sa miyembro ng kanilang pamilya.

- Kung ang mamimili ay nagsasalita ng wika maliban sa Inglis at nagnanais na makakuha ng pansariling tulong sa ibang wika, maari nilang tawagan ang Pamilihan sa 1-800-318-2596.  Ipaliwanag sa mga mamimili na ang Pamilihan ay nagbibigay ng tulong sa ibang wika ng walang bayad.  Magagamit mo ang “Humanap ng Lokal na Tulong” sa HealthCare.gov upang maghanap ng sa-sariling tagatulong na mga organisasyon na nagbibigay ng tulong sa mga wika maliban sa Ingles:  https://localhelp.healthcare.gov/.

## Mga Iisipin upang Mapanghawakan ang Pagiging Karapat-dapat at mga Pagsubok sa Pagpapatala

Sa pagtulong sa mga mamimiling imigrante, kailangang malaman ng mga tagatulong ang mga sumusunod na maaaring maging pagsubok:

- Kailangang may kaalaman ang mga tagatulong sa iba-ibang pinagmumulan ng kita na karaniwan sa mga mamimiling imigrante, kasama na ang mga pana-panahong manggagawa na walang nakatakdang kita, pandayuhang kita, o kita sa sariling pagtatrabaho.  Ang mga iba-ibang uri ng kita ay makaaapekto sa pagiging karapat-dapat para sa mga programa para sa abot-kayang seguro na makapagpapababa sa halaga ng pagsakop na pangkalusugan.

- Kailangang tulungan ng mga tagatulong ang mga mamimili na malaman kung anong mga dokumento ang kailangan nilang dalhin sa tipanan, at bigyan ng halimbawa ng maaring tanggaping dokumento (gaya ng tarheta ng SSN, Pangmatagalang Tarheta ng paninirahan, o “Green Crad,” tarheta ng pahintulot sa pagtatrabaho, o tarheta ng pagtakas sa sariling bayan).  Ito ay maisasagawa kapag tumawag ang mga mamimili para kumuha ng tipanan, subalit maisasagawa rin ito sa mga pag-aabot na kaganapan kung saan gagamitin ang mga polyetos, brosyur, o iba pang pagkakalat na ipinapaliwanag kung anong mga dokumento ang kailangan sa pagpapatala.  Para sa listahan ng mga maaring tanggaping dokumento, bumisita sa https://www.healthcare.gove/immigrants/documentation/***.

- Kailangang seguruhin ng mga tagatulong na alam ng mga mamimili na ang mga dokumento ng pagkamamayan at katayuan sa imigrasyon ay kakailanganin lamang para sa mga nagpapalista sa pagsakop, hindi para sa ibang miyembro ng sambahayan.

- Kailangang hikayatin ng mga tagatulong ang mga mamimili na isama ang lahat ng impormasyon sa imigrasyon na hiniling sa aplikasyon sa online, kung ang uri ng dokumento at numero ay alam at magagamit. Itataas nito ang pagkakataon na ang katayuan ng imigrasyon at pagkamamamayan ng mamimili ay matagumpay na masusuri.

- Kailangang malaman ng tagatulong na maaring hindi alam ng mamimili na kakailanganin nila na magkaroon ng e-mail account upang makapagpatala sa online.  Maaring mangailangang mag-isantabi ng higit na panahon upang matulungan ang mamimili na magbukas ng e-mail account.  Makakapagpalista rin ang mamimili sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono ng Pamilihan sa 1-800-318-2596.

- Kailangang isaalang-alang ng tagatulong ang pagbuo ng isang porma na mapupunuan ng mamimili ng impormasyon gaya ng:
    - Impormasyon ukol sa kanilang HealthCare.gov account;
    - Isang pahiwatig na magpapa-alala ng kanilang password;
    - Mga detalya tungkol sa kanilang plano sa segurong pangkalusugan, kasama na ang halaga ng hulog, maibabawas, at kabahagi sa seguro; at
    - Ang ano pa mang imporasyon na makatutulong sa mamimili upang ang mga mahalagang impormasyon tungkol sa kanilang pagsakop sa pangangalagang pangkalusugan ay nakahanda.

  Ang paglalagay ng ganitong impormasyon sa isang papel na kasama ang pangalan ng tagatulong at impormasyon kung saan siya makikita ay makatutulong sa mga mimimili na makipag-ugnay sa kanilang tagatulong kung mayroon silang mga katanungan.  Ang ganitong impormasyon ay mapaiikli sa isang tarhetang indeks o negosyo na mailalagay ng mamimili sa kanilang pitaka.

- Maaring magkaroon ng mga problema ang mga imigrante na matapos ng may kasiyahan ang bahagi ng aplikasyon na pagpapatunay ng ID dahil malamang na hindi nila matugunan ang kinakailangang kasaysayan ng kredito para sa pagpapatunay ng ID.  Kailangang handa ang mga tagatulong na tulungan ang mga mamimili sa proseso ng pagpapatunay ng ID, kasama na ang pagkakaroon nila ng mga pagsubok.  Upang matapos ang pagpapatunay ng ID, kailangang masagot ng mamimili ang mga tanong tungkol sa mga paksang gaya ng:
    - Mga kasalukuyan at nakaraang tirahan;
    - Mga pangalan ng kasalukuyan at nakaraang pinagtrabahuhan; at
    - Mga impormasyon tungkol sa utang sa bahay, mga tarheta ng kredito, at/o mga utang.

  Hanapin ang buong listahan ng mga maaring katanungan: https://marketplace.cms.gov/outreach-and-education/your-marketplace-application.pdf***.

  Ginagamit ng CMS ang mga ahensiyang nag-uulat tungkol sa kredito gaya ng Equifax upang suriin ang impormasyon sa aplikasyon ng mamimili, kaya maaring makita nila ang isang pagtatanong mula sa CMS kung titingnan nila ang mga marka ng kanilang kredito.  Ang pagtatanong ng CMS ay hindi makaka-apekto sa marka ng kredito ng mga mamimili.

- Kailangang maging handa ang tagatulong na tulungan ang mga mamimili kung mayroon silang mga isyu sa pagtutugma ng datos.  Kailangang hikayatin ng mga tagatulong na basahing mabuti ng mga mamimili ang mga paunawa tungkol sa pagiging karapat-dapat, pati na ang mga paunawang pagpapa-alala na kanilang natatanggap, upang masiguro na maipadadala nila ang tamang impormasyon para sa tamang miyembro ng nagpapatalang grupo.  Maaaring malaman rin ng mga mamimili kung may mga hindi pa nalulutas na isyu ng pagtutugma ng datos sa pamamagitan ng pagsuri ng kanilang kuwenta sa Pamilihan, kung saan may listahan ng lahat ng hindi pa naluutas na hindi pag-uugma sa ilalim ng “Detalya ng Aplikasyon.”  Kung may mga katanungan ang mga mamimili tungkol sa kalagayan ng dokumento na pinadala nila sa Pamilihan, kailangang tumawag sila sa Sentro ng Pagtawag sa Pamilihan.

- Kailangang alam ng tagatulong na ang mga mamimili na mayroong isyu sa pagtutugma ng datos ay maaari pa ring makapagpatala sa pagsakop bago malutas ang isyu.  Kung hindi malutas ang mga isyu ng pagtutugma ng datos ukol sa imigrasyon o sa pagkamamamayan, maaring mawala ang kanilang pagiging karapat-dapat para sa pagsakop sa Pamilihan.  Kung hindi malutas ang mga isyu ng mamimili sa pagtutugma ng datos ukol sa kita, maaring makaranas sila ng pagbagago sa kanilang kredito ng buwis sa hulog at sa pagbabawas ng pagbahagi sa gastos.

## Mga Senaryo sa Pagiging Karapat-dapat na Mamimiling Imigrante

Sina Eva at Adan Santos, parehong 28-taong gulang, ay nagpakasal at nagkaroon kamakailan ng anak, si Serena, na ipinanganak sa U.S.  Naging mamamayan si Adan sa taong ito.  Si Eva ay nag-aaply upang maging isang legal na permanenteng residente at si Adan ay nagsumite ng petisyon ng vbsa sa kanyang ngalan na naaprubahan nitong Setyembre.  Ang kanilang taunang kita sa sambahayan ay $24,000 o 121% ng FPL.  Sina Adan at Eva ay nagpapadala ng sama-samang buwis at hinihiling na gawing sustentado si Serena.  Lumapit si Eva sa isang tagatulong upang matulungan ang kanyang buong pamilya na makapagpatala sa pagsakop na pangkalusugan, ngunit hindi siya sigurado kung lahat sila ay karapat-dapat.  Ano ang magiging pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat ng sambahayan ng Santos?  Maari kayang makapagpatala si Adan, Eva, at Serena sa parehong uri ng pagsakop?

**Sagot:**  Si Adan, Eva, at Serena ay maaring hindi makapagpatala sa parehong uri ng pagsakop dahil sa kaibahan ng katayuan ng kanilang pagkamamamayan.  Ang pagiging karapat-dapat nila sa pagpapatala ay maaring maaayon kung sila ay nakatira sa isang estado na may malawak na pagsakop sa Medicaid.  Ang pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat ng sambahayang Santos ay ang mga sumusunod:

- Adan:  Sa pagiging mamayan ng U.S., si Adan ay maaring maging karapat-dapat na magpatala sa QHP sa pamamagitan ng Pamilihan at maaring maging karapat-dapat sa Medicaid.  Kung ang kanyang estado ay nagpalawak ng Medicaid hanggang sa 138% ng FPL, ang kita ni Adan ay kuwalipikado para sa pagsakop sa Medicaid.  Kailangang linawin na sa isang estado na may malawak na Medicaid, si Adan ay hindi magiging karapat-dapat sa APTC o CSRs sa pamamagitan ng Pamilihan.  Kung si Adan ay nakatira sa isang estado na walang pinalawak na Medicaid at nagpatala sa pagsakop sa pamamagitan ng Pamilihan, si Adan ay maaring maging karapat-dapat para sa APTC o CSRs sa pamamagitan ng Pamilihan.
- Eva:  Si Eva ay itinuturing na kasalukuyang naririto ayon sa batas at samaktuwid ay maaring maging karapat-dapat para sa pagsakop sa Pamilihan.  Si Eva ay hindi pa itinuturing na isang “kuwalipikadong hindi mamamayan”  para sa layunin ng pagiging karapat-dapat sa Medicaid.  Kung magpapatala si Eva sa pagsakop sa pamamagitan ng Pamilihan, maari siyang maging karapat-dapat para sa APTC o CSRs sa pamamagitan ng Pamilihan.

- Serena:  Dahil si Serena ay ipinanganak sa U.S., siya ay isang mamamayan at karapat-dapat para sa pagsakop ng Medicaid, kung matutugunan niya ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa estado.

## Mga Karagadagang Mapagkukunan ng Impormasyon

**FPARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON BUMISITA SA :**

**HealthCare.gov**: What Do Immigrant Families Need to Know[1]
**Marketplace.CMS.gov**: Information for Immigrants[2]***
**Marketplace.CMS.gov**: Citizenship & Immigration Questions on the Marketplace Application[3]

1 https://www.healthcare.gov/what-do-immigrant-families-need-to-know/***
2 https://marketplace.cms.gov/technical-assistance-resources/special-populations-help.html***
3 https://marketplace.cms.gov/technical-assistance-resources/citizenship-questions-on-marketplace-application.pdf***

***Ang pandayuhang bersiyon ng produktong ito ay hindi pa magagamit sa panahong ito.